**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601
*e-mail:* ovcca.updiliman@up.edu.ph

Ika-10 ng Disyembre 2020

Memorandum Blg. ABB – 20 – 27

Para Sa : Mga Dekano, Direktor at Pinuno ng mga Yunit, Guro, REPS, Kawani, Estudyante at Komunidad ng UP Diliman

Paksa : **Paghahanda sa Year End Program 2020**

---

Gaganapin sa Biyernes, 18 Disyembre 2020, ika-6 n.g., sa Quezon Hall, ang payak na programa upang gunitain at pagnilayan ang kabuuan ng 2020 kung saan naranasan natin ang pagputok ng Bulkang Taal noong Enero, ang pandemya mula Marso, at ang pananalasa ng mga mapaminsalang bagyo nitong Nobyembre. Ito ay kapalit ng taunang Parada ng mga Parol.

Isa sa pinaghahandahan ay ang gagawing Payapang Daigdig Music Video kung saan tampok ang Pag-iilaw 2020 Jeepney na dinesenyo ni Toym Imao. Gagawin ito sa Academic Oval mula 7:00 n.g - 10:00 n.g. Kukuhanan din ng shot ang *facade* ang mga sumusunod na Academic/Office Buildings simula 5:30 n.h.: Quezon Hall (Lobby, Bridge, at mula sa University Avenue), Vargas Museum, Palma Hall, Faculty Center (Diwata), Benitez Hall, Vinzons Hall, Cesar E.A. Virata School of Business, School of Economics, Malcolm Hall, Melchor Hall, Carillon, at College of Music.

Bilang paghahanda, ipinababatid ang pagpapatigil ng *foot traffic* (joggers, bikers, sasakyan) sa mga piling lugar na nasa ibaba, sa loob ng itinakdang oras. Pansamanatalang bubuksan ang Roces St. Extention (kalye sa pagitan ng Palma Hall at ang nasunog na Faculty Center) mula 7:00 n.g hanggang 8:30 n.g bilang alternatibong daanan.

| Oras | Lugar |
|---|---|
| 7:00 NG – 7:30 NG | Quezon Hall patungong Faculty Center (Roces St) |
| 7:30 NG – 8:00 NG | Palma Hall, College of Education, Sunken Garden, Vinzons Hall |
| 8:00 NG – 8:30 NG | Vinzons Hall, Cesar E.A. Virata School of Business, School of Economics, Malcolm Hall, Melchor Hall |
| 8:30 NG – 9:00 NG | Tennis Court, Carillon, College of Music, Quezon Hall |
| 9:00 NG – 10:00 NG | Quezon Hall |

Maraming salamat sa inyong pakikiisa.

**DR. ALELI B. BAWAGAN**
Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad